


Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 8:
Pag-unlad ng Hilig
Paglawak ng Tungkulin



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 8: Pag-unlad ng Hilig Paglawak ng Tungkulin
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Mga Manunulat: Niño M. Llave
Editor: Loida S. Pigon
Tagasuri: Irnanie A. Enrico, Heide C. Layas, Leonila V. Orpilla, Cristy R. Temple, Elma C. Palen, Ronalyn B. Conales, Ma. Luz N. Darjuan
Tagaguhit: Mark Carlo Ledesma, Leorick Miciano, Khristine S. Lacsamana
Tagalapat: Khristine S. Lacsamana, Jefferson R. Repizo
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Suzzette T. Gannaban-Medina
Susana M. Bautista
Cynthia Eleanor G. Manalo
Mariflor B. Musa
Freddie Rey R. Ramirez
Melbert S. Broqueza
Danilo C. Padilla
Annabelle M. Marmol
Domingo L. Mendoza, JR.
Elmer P. Concepcion
Loida S. Pigon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City
Telephone Number: (02) 6314070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 8:

Pag-unlad ng Hilig

Paglawak ng Tungkulin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

Pag-unlad ng Hilig Paglawak ng Tungkulin



Alamin

Alam mo bang ang pagpapaunlad ng mga hilig ay makatutulong sa pagtupad ng iyong tungkulin? Paghahanda sa tamang pagpili ng kurso tungo sa tamang propesyon? Pagkakaroon ng negosyo o hanapbuhay? O kaya naman ay pagtulong sa kapwa, at paglilingkod sa pamayanan? Sa modyul na ito, Modyul 8 -Pagpapaunlad ng mga Hilig Bilang Isang Paghahanda, matutuklasan mo ang mga kasagutan ng mga naunang pahayag.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Naipaliliwanag na ang pagpapaunlad ng mga hilig ay makatutulong sa pagtupad ng mga tungkulin, paghahanda tungo sa pagpili ng propesyon, kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay, pagtulong sa kapwa, at paglilingkod sa pamayanan. (EsP7PS-If-3.3)
- b. Naisasagawa ang mga gawaing angkop sa pagpapaunlad ng kanyang mga hilig. (EsP7PS-If-3.4)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Pagkatapos, piliin sa loob ng kahon ang letra ng pinakaangkop na sagot. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

- A. Natutuhan mula sa mga karanasan
- B. Namamana
- C. Galing sa mga pagpapahalaga at kakayahan
- D. Napakikinggan

1. Mula pagkabata, nakita mo ang pagkahilig ng iyong mga magulang sa paghahayupan. Sa iyong paglaki naging hilig mo na rin ito.
2. Sa tuwing may nakikita ka na mga pulubi at iba pang nangangailangan ng iyong tulong ay laging laan ka na tumulong sa abot ng iyong makakaya kagaya ng pagbibigay ng pagkain, limos, at iba pa.
3. Kapag nakakakita si Isko ng *street children*, lagi niya silang pinaaalalahanan kung gaano kahalaga ang edukasyon dahil dati rin siyang palaboy sa lansangan.
4. Noong nabubuhay pa ang ama ni Yjo, lagi niyang napapansin ang pagiging mahinahon nito sa pakikipag-usap sa kaninoman kaya ngayon iyon din ang napapansin sa kanya ng kanyang mga katrabaho.
5. Hindi nakakalimutang magpasalamat ni VJ sa Diyos kahit na anoman ang nararanasan niya sa buhay.
6. Tuwing may kalamidad, nagbibigay ng donasyon si Aling May sa abot ng kanyang makakaya.
7. Tuwing magdiriwang ng kaarawan sina Mang Oni at Aling Vielle, pangunahing bisita nila ang mga balo at naghahanda sila ng espesyal na pagkain at mga regalo para sa mga ito.
8. Mula nang magkaisip ang anak ni Manny na si Jimuel ay nakikita niya ang hilig ng kanyang ama sa larangan ng boksing kaya naging hilig na rin niya ito.
9. Sinundan na rin ng mga anak ang yapak ng kanilang ama kaya ngayo'y sila ang nasa pulitika sa kanilang lugar.
10. Laging isinasali ng kanyang ina sa singing contest si Charice kaya naging isang sikat na singer siya.
11. Likas kay Angel Locsin ang tumulong sa mga kababayang Pilipino lalo na sa panahon ng krisis.
12. Si Efren "Bata" Reyes Jr. ay kilala sa buong mundo sa larangan ng billiard. Naging dalubhasa siya rito sapagkat lagi siyang nakakapanood at nakakapaglaro ng bilyar.

13. Lagi siyang ipinagtutulong ng kanyang ama sa pangingsda sa dagat kaya naman nagustuhan niyang kunin ang kursong *marine*.
14. Hilig ni Mang Oning ang magnegosyo ng *buy and sell* sapakat kinalakihan na niya ito.
15. Tuwing may nakikita kang nakakalat na basura sa inyong paligid ay tinitipon mo ito at inilalagay sa tamang lalagyan.



Balikan

Gawin 1. Punan Mo!

Panuto: Punan ang tsart ayon sa mga hinihingi nitong kasagutan sa bawat hanay na nakalaan. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o “*journal notebook*”.

MGA HILIG MO	KURSONG KUKUHANIN SA KOLEHIYO	GUSTONG MAGING TRABAHO O HANAPBUHAY	PAANO MO MAGAGAMIT ANG IYONG HILIG SA CORSO O SA MAGIGING HANAPBUHAY MO?
1.			
2.			
3.			

Pamantayan sa Paggawa

Pamantayan	Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman (Content)	10	
Kaayusan/Kalinisan (Organization/Neatness)	5	
Ideya/Paliwanag	15	
Kabuoan	30	



Tuklasin

Gawain 2. My Top List!

Panuto: Ibigay mo ang mga pangalan ng bantog na mga Pilipino sa sumusunod na larangan. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. *Basketball*
2. *Volleyball*
3. *Boxing*
4. Pag – awit
5. Pagsasadula o Pag-acting
6. Pagsulat
7. Pagguhit
8. Pagtuklas/Pag-iimbento
9. Pagtatanghal (*Teatro*)

Ikaw, nais mo rin ba na ang iyong pangalan ay mapasama sa mga bantog o hinahangaan ng kapwa Pilipino?



Suriin

Unawain at pagnilayan ang sumusunod na babasahin. Magkaroon ng masayang pag-aaral at ikintal sa isip at puso ang mga hatid na mensahe. Simulan na at kayang-kaya mo yan!

May dalawang aspekto ng mga hilig: ang mga larangan ng mga hilig (*areas of interest*) at ang tuon ng atensyon (Abiva, 1993)

Narito ang sampung larangan ng mga hilig:

1. *Outdoor*- Nasisiyahan sa mga gawaing panlabas (*outdoor*).
2. *Mechanical* – Nasisiyahan sa paggamit ng mga kagamitan (*tools*).
3. *Computational* – Nasisiyahan na gumawa na gamit ang bilang o numero.
4. *Scientific* – Nasisiyahan sa pagtuklas ng bagong kaalaman, pagdidisenyo at pag-imbento na mga bagay o produkto.
5. *Persuasive* – Nakahihikayat at nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao o pakikipagkaibigan.
6. *Artistic*- Nagiging malikhain at nasisiyahan sa pagdidisenyo ng mga bagay.
7. *Literary*- Nasisiyahan at nagpapahalaga sa pagbabasa at pagsusulat.

8. *Musical*- Nasisiyahan sa pakikinig at paglikha ng awit at pagtugtog ng instrumenong musical.
9. *Social service*- Nasisiyahang tumulong sa ibang tao.
10. *Clerical*- Nasisiyahan sa paggawa ng mga gawaing pang-opisina.

Ang apat (4) na tuon ng atensyon: ito ang preperensiya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain:

1. Tao - May kinalaman sa tao.
2. Datos - May kinalaman sa mga katotohanan, *records, files*, numero, detalye.
3. Bagay - Gamit ang mga kagamitan (*tools*) o makina (*machine*).
4. Ideya - Pag-iisip at pag-oorganisa ng mga ideya o kaisipan.

Tunay na mahalaga ang pagtuklas ng mga larangan ng hilig, pati ang mga tuon ng atensiyon sa bawat indibidawal dahil palatandaan ito ng uri ng mga gawain, kurso, o trabaho na magbibigay sa iyo ng kasiyahan o kaganapan.

Ang mga hilig ay maaaring:

A. *Natututuhan mula sa mga karanasan.*

Halimbawa, dahil sa palagiang pagtulong sa negosyo ng pamilya na pagtitinda ng mga lutong pagkain, nakahiligan mo na rin ang pagluluto. Ibinatay mo rito ang iyong kinukuhang kurso sa kolehiyo at minahal mo na ang iyong trabaho bilang *chef* sa isang kilalang hotel.

B. *Minamana.*

Halimbawa, nasubaybayan mo sa iyong paglaki ang hilig ng iyong ina sa pag-aalaga ng mga halaman. Habang ikaw ay lumalaki, napapansin mong nagkakaroon ka rin ng interes sa pag-aalaga ng mga halaman kung kaya katuwang ka na ng iyong ina sa kaniyang mga ginagawa sa inyong hardin.

C. *Galing sa ating mga pagpapahalaga at kakayahan.*

Halimbawa, labis ang iyong pagiging maawain sa iyong kapwa, laging bukas ang iyong puso sa pagtulong sa iyong kapwa na nangangailangan. Labis ang kasiyahan na iyong nararamdaman kapag may nagagawa kang kabutihan sa iyong kapwa. Nakahiligan mo na ang magbigay ng serbisyo para sa ibang tao o kapwa.

Bakit ba kailangang paunlarin mo ang iyong mga hilig? Ang pagpapaunlad ng mga hilig o interes ay makatutulong sa:


Una, pagtupad ng mga tungkulin. Madaling gawin ang isang bagay o tungkuling iniatang sa iyong mga balikat kung ito ay kinahihiligan mo. Halimbawa, Inutusan ka ng iyong ina na magluto ng pagkain, sapagka't hilig mo ang pagluluto madali at may kasiglahan mong magagawa ito.

Ikalawa, paghahanda tungo sa pagpili ng propesyon. Sa reyalidad ng buhay, kadalasan kung ano ang hilig mo, yun ang sinusundan mo. Halimbawa, Kung magaling ka sa math, natural ang kukunin mong kurso ay nasa *Academick Track (engineering o accountancy* o katulad ng mga ito) upang hindi ka masyadong mahirapan sa iyong pag-aaral at maging matagumpay kang *engineer o accountant* sa hinaharap at makamit mo ang minimithi mong pangarap. Kung ang hilig mo naman ay pag-aayos ng mga sirang bagay kagaya ng *motor, cp*, at iba pa mas mainam na kunin mo ang kursong nasa *Technical-Vocational* at magiging masaya ka sa larangang ito.

Ikatlo, Negosyo o Hanapbuhay. May kasabihan na wala raw yumayaman sa hanapbuhay kundi sa negosyo. Pero ang tanong, alin ba sa dalawa ang pipiliin mo at magiging masaya ka? Hilig mo ba ang magnegosyo o maghanapbuhay? Ikaw ang makasasagot niyan. Marahil, may narinig ka ng kwento tungkol sa pamilya ng mga doctor, pamilya ng mga guro, pamilya ng mga pulis at pamilya ng mga negosyante. Mula sa lolo hanggang sa apo ay pulis, doctor, guro o kaya naman ay negosyante. Isa sa mga salik nito ay ang hilig o interes.

At ikaapat, pagtulong sa kapwa at paglilingkod sa pamayanan. Marami ka bang hinahangaang mga kilalang personalidad o karaniwang tao sa inyong komunidad na walang sawa at bukal sa loob ang pagtulong sa kapwa at paglilingkod sa pamayanan? Kinahiligan na nila ito dahil hindi kayang bayaran ng salapi o anomang materyal na bagay ang kaligayahang naihatid nito sa kanila. Maaring nakaranas din silang tulungan, o kaya naman ay nakita nila sa kanilang mga magulang o sadyang ganon ang kanilang likas.

Kapag palagian mong ginagawa, naririnig, o nakikita ang isang bagay, kadalasan ay nagiging hilig o interes mo na rin ito.



Pagyamanin

Gawain 3. Differentiated Activities

Panuto: Tukuyin ang larangan ng iyong hilig. Pumili lamang ng isa (1) na iyong nais o hilig gawin at saka tugunan ang mga nakaatang na gawain ayon sa bawat panuto. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o sa iyong “*journal notebook*”.

- A. Pagluluto
Bumuo ng isang resipe ng iyong paboritong putahe na nais lutuin. Sa ibaba ng recipe, ipaliwanag kung bakit ito ang iyong napili.
- B. Paghahalaman
Itala ang mga tanim mong halaman sa iyong bakuran. Isulat sa ibaba nito ang mga kapakinabangang dulot nito.
- C. Pag-awit
Isulat mo ang mga awitin na nais mong pakinggan o kantahin. Ilahad rin kung bakit ito ang napili mo?
- D. Pagguhit
Iguhit kung paano mo nakikita ang iyong sarili sampung taon mula ngayon. Ipaliwanag.
- E. Pagsulat
Bumuo ng isang komposisyon tungkol sa iyong pangarap sa buhay. Ilahad ang mga hakbangin na iyong gagawin upang makamit ito.

Pangkalahatang Rubric

Pamantayan	Deskripsyon	Kaukulang Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman (<i>Content</i>)	Angkop sa hinihinging gawain	15	
Mekaniks (<i>Mechanics</i>)	Tamang ispeling, bantas at iba pa.	10	
Pagkamalikhain (<i>Creativity</i>)	Nagpapakita ng pagkamalikhain sa pamamagitan ng paggamit ng kulay, disenyo at iba pang <i>art materials</i>	5	
Kaayusan/Kalinisan (<i>Neatness/Organization</i>)	Maayos at malinis ang awtput	5	
	Kabuoan	35	



Isaisip


Gawain 4. Kumpletuhin Mo!

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na pahayag. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o “*journal notebook*”

1. Ang pagpapaunlad ng mga hilig ay mahalaga dahil_____.
2. Ang ibang hilig ay maaring minamana sapaka’t _____.
3. Ang ibang hilig ay natututuhan mula sa karanasan, halimbawa_____.
4. Ang ibang hilig ay galing sa ating mga pagpapahalaga at kakayahan kung kaya’t_____.

Pamantayan sa Paggawa ng Awtpat

Pamantayan	Puntos	Nakuhang Puntos
Mekaniks (<i>Correct Spelling, Proper punctuation marks etc.</i>)	10	
Kaayusan/Kalinisan (<i>Organization/ Neatness</i>)	10	
Ideya/Paliwanag (<i>Reasoning</i>)	20	
Kabuoan	40	



Isagawa

Gawain 5. Ang Aking Tsart ng Pagpapaunlad ng Hilig

Panuto: Punan ang tsart ayon sa hinihingi nitong kasagutan sa bawat hanay na nakalaan. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o “*journal notebook*”

Tsart ng Pagpapaunlad ng Hilig

Mga Hilig	Paano papaunlarin ito?	Mga taong hinihingan ng tulong/suporta o kokunsultahin	Maaring balakid	Paano malalampasan
1.				
2.				
3.				
4.				

(Halaw sa LM EsP7 p.84)

Rubric sa Isahang Awtput

Pamantayan	Deskripsyon	Kaukulang Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Angkop ang nilalaman sa hinihingi.	40	
Ideya	Tama ang paliwanag.	40	
Presentasyon	Maayos at malinis ang pagkakagawa.	20	
	Kabuoan	100	




Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon, pagkatapos piliin sa loob ng kahon ang letra ng pinaka-angkop na sagot. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

- A. Galing sa mga pagpapahalaga at kakayahan
- B. Natutuhan mula sa mga karanasan
- C. Napakikinggan
- D. Namamana

1. Hindi nakakalimutang magpasalamat ni VJ sa Diyos kahit na anoman ang nararanasan niya sa buhay.
2. Mula pagkabata, nakita mo ang pagkahilig ng iyong mga magulang sa paghahayupan. Sa iyong paglaki naging hilig mo na rin ito.
3. Sa tuwing may nakikita ka na mga pulubi at iba pang nangangailangan ng iyong tulong ay laging laan ka na tumulong sa abot ng iyong makakaya kagaya ng pagbibigay ng pagkain, limos, at iba pa.
4. Kapag nakakakita si Isko ng *street children*, lagi niya silang pinaaalamanan kung gaano kahalaga ang edukasyon dahil dati rin siyang palaboy sa lansangan.
5. Tuwing magdiriwang ng kaarawan sina Mang Oni at Aling Vielle, pangunahing bisita nila ang mga balo at naghahanda sila ng espesyal na pagkain at mga regalo para sa mga ito.
6. Noong nabubuhay pa ang ama ni Yjo, lagi nitong napapansin ang pagiging mahinahon nito sa pakikipag-usap sa kaninoman kaya ngayon iyon din ang napapansin sa kanya ng kanyang mga katrabaho.
7. Sinundan na rin ng mga anak ang yapak ng kanilang ama kaya ngayo'y sila ang nasa pulitika sa kanilang lugar.
8. Tuwing may kalamidad, nagbibigay ng donasyon si Aling May sa abot ng kanyang makakaya.
9. Si Efren "Bata" Reyes Jr. ay kilala sa buong mundo sa larangan ng billiard. Naging dalubhasa siya rito sapagka't lagi siyang nakakapanood at nakakapaglaro ng bilyar.
10. Mula nang magkaisip ang anak ni Manny na si Jimuel ay nakikita niya ang hilig ng kanyang ama sa larangan ng boksing kaya naging hilig na rin niya ito.
11. Lagi siyang ipinagtutulong ng kanyang ama sa pangingsda sa dagat kaya naman nagustuhan niyang kunin ang kursong *marine*.
12. Laging isinasali ng kanyang ina sa singing contest si Charice kaya naging isang sikat na singer siya.

13. Tuwing may nakikita kang nakakalat na basura sa inyong paligid ay tinitipon mo ito at inilalagay sa tamang lalagyan
14. Likas kay Angel Locsin ang tumulong sa mga kababayang Pilipino lalo na sa panahon ng krisis.
15. Hilig ni Mang Oning ang magnegosyo ng *buy and sell* sapakat kinalakihan na niya ito.



Karagdagang Gawain

Gawain 6. Isang Pagninilay

Panuto: Gumawa ng sariling pagninilay sa tulong ng tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.


Ano ang aking mga hilig at paano ko magagamit sa kurso na nais kong kuhanin sa kolehiyo?

Ang aking hilig sa/na _____ ay malaki ang maitutulong kapag ako ay kumuha ng kursong _____.

Naniniwala ako na sa pamamagitan ng mga hilig ko ay:

Pamantayan sa Isahang Awtput

Pamantayan	Deskripsyon	Kaukulang Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Angkop ang nilalaman sa hinihingi.	20	
Ideya	Tama ang paliwanag.	10	
Presentasyon	Maayos at malinis ang pagkagawa.	15	
	Kabuoan	35	



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. A
2. D
3. A
4. B
5. A
6. D
7. D
8. A
9. B
10. D
11. B
12. B
13. A
14. A
15. D

Subukin

1. B
2. A
3. B
4. D
5. A
6. A
7. A
8. D
9. D
10. B
11. A
12. B
13. B
14. D
15. A

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao, Grade 7 Learner's Material (Units 1 &2) pp. 79, 82-85

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph